Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-1 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 169 -T'2001

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA / PAGSASAAYOS NG GUSALING PAMAHALAANG BAYAN AT GUSALING BATASANG BAYAN.*

*SAPAGKA'T*, matapat na layunin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapaglingkod nang maayos at maluwag sa pagtanggap ng mga kababayan;

*SAPAGKA'T*, ang Gusaling pamahalaang bayan at Gusaling Batasang Bayan ay nangangailangan nang isaayos upang maging maganda at tumugon sa kalagayan ng bayang ito bilang 1st class Municipality sa lalawigan ng Laguna;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maipagawa at maisaayos ang Gusaling Pamahalaang Bayan at Gusaling Batasang Bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5M para sa pagpapagawa / pagsasaayos ng Gusaling Pamahalaang Bayan at Gusaling Batasang Bayan.

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na ipadama ang pasasalamat sa Kgg. Kinatawan Rodolfo S. San Luis sa patuloy na pagsuporta para sa kagalingan at kapakanan ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Kinatawan Rodolfo S. San Luis, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpapaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan